
# Paano sila Tapalan



Tapalan ang mga pasukan ng mga peste gamit ang naaangkop na paraan.



*¼" Wire mesh*




Pagpikpik (*Caulking*)




*Weather strip*




*Steel wool*





*Pipe collar*




*Expandable foam*




*Sheet metal*




Ayusin ang mga sirang tabing (*screen*), salamin at pintuan na hindi sumasarang mabuti.


# Building Manager's Guide

## Pagpigil sa Pagpasok ng Peste

*Pagbawas sa madalas na paggamit ng mga treatment*

Ang unang depensa sa mga peste --- HUWAG silang papasukin sa gusali!

Itigil ang pagkalat ng mga peste sa mga yunit ng gusali — alisin ang mga lagusan sa pagitan ng mga yunit.




Ugaliin ang pagsusuri sa loob at labas ng gusali upang matagpuan ang mga puwang kung saan maaaring pumasok ang mga peste. Humingi ng tulong sa mga susumusunod upang matukoy ang mga peste at kanilang mga pasukan:

- Nangungupahan— Himukin ang mga nangungupahan na ipaalam sa inyo ang mga palatandaan ng mga peste at kanilang mga pasukan sa pamamagitan ng agad na pagtugon sa kanilang mga ulat.
- *Pest Control Operators*— Atasan ang mga tagapangasiwa na tukuyin ang mga pasukan ng peste bilang isa sa kanilang mga serbisyo.
- Manggagawa—Habang nagtatrabaho, kanilang nakikita ang mga katibayan ng peste at kalagayan ng gusali na nagbibigay daan sa mga peste na pumasok at dumami.

Mula sa: www.epa.gov/pesticides/controlling/housing-mgr-tips.htm

Nilikha ng: Children's Environmental Health Promotion Program, SF Department of Public Health, 2021

# Saan makikita ang mga pasukan ng peste









Saligan ng gusali, kanto ng dalawang uri ng mga materyales at bahagi, mga dingding, malapit sa kuwadro ng mga bintana't pinto













Mga bintana, pintuan, ilaw mula sa kisame, pasingawan (*vents*) ng hangin paloob at palabas, pasingawan ng mga sistemang pampainit at pampalamig (*heating & air conditioning systems*), patuyuan (*dryer damper*)












Mga bukasan at siwang kung saan pumapasok mula sa labas ang mga kawad, tubo, padaluyan, at *sillcock* sa pagitan ng mga dingding, kisame, sahig, likod ng aparador papunta sa loob ng silid










Sa loob ng silid, mga *switch* ng ilaw, hulma (*molding*) ng bintana, *baseboard*, sa paligid ng lababo, gilid ng mga paminggalan (*counters*) at aparador, at *light plates*

**San Francisco Department of Public Health**
**Environmental Health Branch**
**49 South Van Ness Avenue, Suite 600**
**San Francisco, CA 94103**
**Phone: (415) 252-3800 or 311**

POPULATION HEALTH DIVISION
SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH
ENVIRONMENTAL HEALTH

*Printed on 100% post-consumer recycled stock*